KILALANIN SI SARIA!



# Pagsunod kay Jesus sa Zimbabwe

## Paano Sinusunod ni Sariah si Jesus

Si Sariah ay may ilang problema sa kalusugan. Umiinom siya ng gamot para matulungan siya. Nagpapasalamat siya para sa kanyang buhay. "Tinutulungan ako ng Tagapagligtas, kaya walang dapat ipag-alala," sabi niya.

"Kapag pagod ang nanay ko, kailangan niya ng makikipaglaro sa bunso kong kapatid," sabi ni Sariah. Tumutulong siya sa pamamagitan ng pagkanta sa kanyang kapatid, pagkarga sa kanya, at pakikipaglaro sa kanya.

Si Sariah ang unang nakakapansin kapag malungkot ang nanay niya, at lagi niya itong niyayakap nang mahigpit. "Ang pagtulong sa mga tao ay nagpapasaya sa akin," sabi niya. "Lalo na ang pagtulong sa pamilya ko."






**Maaari Ka ring Sumunod kay Jesus!**

Ano ang isang bagay na nagawa mo para masunod si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.




### Tungkol kay Sariah

**EDAD:** 7

**MULA SA:** Mashonaland East, Zimbabwe

**MGA WIKA:** English, Shona

**MGA MITHIIN:** 1) Maging dancer. 2) Maging doktor.

**LIBANGAN:** Makipaglaro sa mga kaibigan

**PAMILYA:** Sariah, Inay, Itay, kuya, ate, bunsong kapatid na babae

### Mga Paborito ni Sariah

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Nang basbasan ni Jesucristo ang mga batang Nephita (tingnan sa 3 Nephi 17)

**HOLIDAY:** Pasko ng Pagkabuhay

**MGA BUNGA:** Mga mansanas at ubas

**KULAY:** Pula

**AWITIN SA PRIMARY:** "The Sixth Article of Faith" (*Children's Songbook*, 126)